# *MA. CECILIA DE LA ROSA*

Estudyante ng masterado sa Malikhaing Pagsulat si Ma. Cecilia de la Rosa sa UP Diliman. Nagtapos siya ng Philippine Arts sa UP Manila. Naipalabas sa Virgin Labfest (VLF) at pumangatlo sa Isang-yugtong Dula sa Palanca ang "Ang Mga Bisita ni Jean." Naipalabas rin sa VLF ang "Labor Room" na muling itinanghal ng Bindlestiff Studio sa San Francisco, California noong Oktubre 2019. Nailathala sa iba't ibang zines at antolohiya ang kanyang mga akda. Empleyado siya ng UP Diliman.

# ANG NAIWAN

Naiiwan ang lungkot
Sa sala
Kapag lumabas na
Ang huling kamag-anak
Ng namayapa. Hindi ito
Sumasama sa mahabang
Martsa ng buong baryo
Patungong
Simbahan, sementeryo
At nakikipalahaw
Sa nabalo, naulila.
Mag-isa itong
Nagmamasid
Sa natunaw na kandila.